

PAANO ANG IKSEMSYON MAKAKATULONG SA IYO NA MAKATIPID

Ang Opisina ng Tagatasa ay nangangasiwa ng iksemsyon ng buwis sa pag-aari na maaaring mag-ambag sa pagbaba ng singil sa iyong buwis sa pag-aari. Ang mga iksemsyon na nakalista dito sa brochure ay nakabawas sa pagbalanse na tinasang halaga (EAV), o binuhisang halaga, ng isang bahay. Ang mga aplikasyon sa iksemsyon ay dapat bayaran sa tagsibol ng 2022 para sa Taon ng Buwis sa 2021. Ang mga natipid na ito ay makikita sa pangalawang-pahulugan ng pagsingil sa buwis na pag-aari ay ipapadala sa pantag-araw ng 2022.

Narito ang isang halimbawa kung paano ang pagkwenta ng pagsingil sa buwis, para sa isang bahay na may tinantiyang pantay na merkadong halaga na \$100,000 at lokal na presyo ng buwis ng 10%. Mangyaring tandaan na ang EAV ay ang bahagyang halaga ng ari-arian kung saan inilalapat ang mga presyo ng buwis. Ito ay ang pigura kung saan kinakalkula ang singil sa buwis.

\$100,000 Tinantiyang Pantay na Merkadong Halaga

X .10 **Antas ng Pagtatasa**
(10% para sa mga pantahanang pag-aari)

\$10,000 **Tinasang Halaga**
X 2.9109 **Pangbalanse ng Estado**

\$29,109 **Pagbalanse sa Tinasang Halaga (EAV)**
- 10,000 **Iksemsyon sa May-ari ng Bahay**

\$19,109 **Iniakma na Pagbalanse sa Tinasang Halaga**
X .10 **Presyo ng Buwis**
(halimbawa; ang presyo ng iyong buwis ay maaring mag-iba)

\$1,910.90 Tinantiyang Pagsingil sa Buwis sa dolyares

Ang mga natipid sa buwis na pag-aari para sa May-ari ng Bahay na Iksemsyon ay kinakalkula sa pag-multiply sa May-ari ng Bahay na iksemsyon sa halaga na \$10,000 na lokal na presyo ng buwis. Ang mga natipid sa buwis na pag-aari para sa Matatanda na Iksemsyon ay kinakalkula sa pag-multiply ng Matatanda na Iksemsyon na halagag \$8,000 ng iyong lokal na presyo ng buwis.

Ang iyong lokal na presyo ng buwis ay tinutukoy ng Cook County Clerk bawat taon, at pwedeng makita sa iyong pangalawang-pahulugan ng pagsingil sa buwis.

Minamahal na May-ari ng Bahay,

Ang brochure na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga nakapagpapatipid na iksemsyon sa buwis sa ari-arian. Ang mga iksemsyon ay nagkaloob ng suporta sa mga may-ari ng bahay at ang mga ito ay bahagi ng aming pagsusumikap na lumikha ng mas patas, mas may ekidad na sistema ng buwis sa ari-arian.



Layunin ng aming opisina na lumikha ng isang proseso ng pagtatasa na patas, etikal, at malinaw. Sa maraming wala pang katulad na kaganapan sa ilang nagdaang taon, ang aming opisina ay patuloy na umaakma at inuuna ang kaligtasan. Karamihan sa aming mga pagsusumikap na makipag-ugnayan ay isinasagawa sa pamamagitan ng mga virtual na seminar sa YouTube at Facebook. Nakikipagtulungan din kami sa mga lokal na inihalal na opisyal sa buong Cook County upang magkaloob ng tulong na may pisikal na pakikipagdistansya upang ipaalam sa mga may-ari ng bahay ang tungkol sa mga iksemsyong makukuha nila.

Bukod dito, patuloy naming pagbubutihin ang teknolohiyang ginagamit namin at pasisimplehin ang aming mga proseso upang mabawasan ang pangangailangan para sa mga pagbisita sa opisina at form na gumugugol ng maraming oras. Ang aming opisina ay patuloy na awtomatikong ire-renew ang mga iksemsyon para sa mga kuwalipikado na nagpapadali sa administratibong proseso para sa maraming may-ari ng bahay sa panahon ng pandemyang COVID-19. Mangyaring tandaan na maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono, email o social media para sa anumang mga katanungang mayroon ka.

Taos-puso,
Fritz Kaegi
Tagatasa ng Cook County

Sundan kami sa



Pangunahing Opisina
118 N. Clark St., 3rd Floor,
Chicago, IL 60602
312.443.7550
cookcountyassessor.com

Patnubay para sa Pagtitipid sa Buwis sa Ari-arian

MGA IKSEMSYON PARA SA MGA MAY-ARI NG BAHAY



**ASSESSOR'S
OFFICE**



Iksemsyon para sa May-ari ng Bahay

Nagbibigay ang iksemsyon na ito ng pagtipid sa buwis sa pag-aari at karamihan sa mga may-ari ng bahay ay karapat-dapat kung ang pag-aari ay ang kanilang punong lugar na tinitirahan.

Awtomatikong Pagpapanibago:

Oo, awtomatikong magpapanibago ang iksemsyon na ito bawat taon.

Mag-apply Online:

cookcountyassessor.com/homeowner-exemption



Iksemsyon sa Matatanda

Nagbibigay ang iksemsyon na ito ng pagtipid sa buwis sa pag-aari at karamihan sa mga may-ari ng bahay na 65 na taon at pataas ay kwalipikado.

Awtomatikong Pagpapanibago:

Oo, awtomatikong magpapanibago ang iksemsyon na ito bawat taon. Ang mga bagong kwalipikadong mga nakatatanda ay dapat na mag-file ng paunang mga aplikasyon sa 2022.

Mag-apply Online:

cookcountyassessor.com/senior-citizen-exemption



Iksemsyong Pinatigil para sa Matatanda

Nagbibigay ang iksemsyon na ito ng pagtipid sa buwis sa pag-aari para sa mga matatanda at ang pagiging karapat-dapat ay base sa kabuuang taunang kinikita ng pamamahay na kwalipikasyon na \$65,000 o mas mababa. Mahalagang tandaan na ang iksemsyon na ito ay hindi pinapatigil ang halaga ng singil sa buwis sa pag-aari. Ang pagtipid ng buwis sa pag-aari ay maaaring magbago dahil sa multiplier ng estado at lokal na presyo ng buwis batay sa buwis sa distrito kung saan matatagpuan ang pag-aari.

Awtomatikong Pagpapanibago:

Oo, para sa taong pagbuwis ng 2021 lamang, ang iksemsyon na ito ay awtomatikong magpapanibago dahil sa COVID-19 na pandemya. Ang mga bagong kwalipikadong aplikante ay dapat mag-file ng paunang aplikasyon sa 2022.

Mag-apply Online:

cookcountyassessor.com/senior-freeze-exemption



Iksemsyon sa mga Taong may Kapansanan

Nagbibigay ang iksemsyon na ito ng pagtipid sa buwis sa pag-aari para sa mga may kapansanan. Mangyaring bisitahin ang aming website upang matingnan ang isang listahan ng mga pamantayan at dokumentasyong kinakailangan.

Awtomatikong Pagpapanibago:

Oo, para sa taong pagbuwis ng 2021 lamang, ang iksemsyon na ito ay awtomatikong magpapanibago dahil sa COVID-19 na pandemya. Ang mga bagong kwalipikadong aplikante ay dapat mag-file ng paunang aplikasyon sa 2022.

Mag-apply Online:

cookcountyassessor.com/persons-disabilities-exemption



Iksemsyon para sa mga Nagbabalik na Beterano

Nagbibigay ang iksemsyon na ito ng pagtipid sa buwis sa pag-aari para sa mga Beteranong nagbabalik mula sa aktibong tungkulin na armadong katunggalian.

Awtomatikong Pagpapanibago:

Hindi, ang iksemsyon na ito ay dapat na e-file taun-taon.

Mag-apply Online:

cookcountyassessor.com/returning-veterans-exemption



Iksemsyon para sa mga Beteranong may Kapansanan

Nagbibigay ang iksemsyon na ito ng pagtipid sa buwis sa pag-aari para sa mga Beterano na may kapansanan na konektado sa serbisyo bilang sertipikado ng U.S. Department of Veterans Affairs. Mangyaring bisitahin ang aming website upang matingnan ang isang listahan ng mga pamantayan at dokumentasyong kinakailangan.

Awtomatikong Pagpapanibago:

Oo, para sa taong pagbuwis ng 2021 lamang, ang iksemsyon na ito ay awtomatikong magpapanibago dahil sa COVID-19 na pandemya. Ang mga bagong kwalipikadong aplikante ay dapat mag-file ng paunang aplikasyon sa 2022.

Mag-apply Online:

cookcountyassessor.com/veterans-disabilities-exemption



Pang-Matagalan na Iksemsyon para sa May-ari ng Bahay

Ang iksemsyon na ito ay nagbibigay-daan sa may-ari ng pag-aari na makatanggap ng pinalawak na iksemsyon para sa May-ari ng Bahay na walang maximum na halaga ng iksemsyon. Upang maging kwalipikado dapat magkaroon ng isang makabuluhang pagtaas ng pagtatasa na lumampas sa maximum na halagang itinakda ng lehislatura ng estado.

Awtomatikong Pagpapanibago:

Hindi, mas kaunti sa 2% ng mga may-ari ng bahay ang kwalipikado para sa ang iksemsyon at mga aplikasyon na ito ay naipadala sa koreo para doon sa mga pag-aari ng mga kwalipikado bawat taon.

Karagdagang Impormasyon:

cookcountyassessor.com/longtime-homeowner-exemption



Iksemsyon para sa Pagpapabuti ng Bahay

Pinapayagan ang iksemsyon na ito ang mga may-ari ng bahay na magdagdag ng pagpapabuti sa kanilang mga pag-aari (tulad ng pag-aayos) na nagdaragdag ng halaga ng merkado hanggang \$75,000, ngunit ibinubukod ang pinahusay na bahagi mula sa mga buwis sa pag-aari ng hanggang apat na taon.

Awtomatikong Inilapat:

Oo, awtomatikong ilalapat ang iksemsyon na ito sa pag-file ng isang permit sa gusali para sa isang pagpapabuti.

Karagdagang Impormasyon:

cookcountyassessor.com/home-improvement-exemption



Fritz Kaegi
TAGATASA SA
COOK COUNTY

cookcountyassessor.com